

KALIGTASAN MULA SA SUNOG SA APARTMENT AT CONDOMINIUM

Paninirahan sa Multi-Unit (Maraming Yunit)
at Multi-Level (Maraming Palapag)



MISSISSAUGA
Fire and Emergency Services

Leading today for tomorrow



Kung ikaw ay nakatira sa apartment o condominium na may maraming yunit at palapag...

Mahalaga na alam mo kung ano ang dapat gawin sakaling magkasunog. Ang polyetong ay magbibigay sa iyo ng pangkalahatang gabay sa mga pamamaraan sa emerhensiya. Ang mga pamamaraang ito ay koleksyon ng mga impormasyon mula sa Tanggapan ng Komandante sa Sunog ng Ontario (Office of the Ontario Fire Marshal) at Mga Serbisyo sa Sunog at Emerhensiya ng Mississauga (Mississauga Fire and Emergency Services). Dapat tandaan na ang mga pamamaraang ito ay maaaring di angkop o aplikable para sa bawat gusali ng apartment o condominium.

Kung hindi ka sigurado o may anumang katanungan, mangyaring makipag-ugnay sa pangkat ng pangangasiwa ng iyong gusali o sa Mga Serbisyo sa Sunog at Emerhensiya ng Mississauga sa 905-896-5908.

Pakitandaan: Kung ikaw ay may **kapansanan** na makapipigil sa iyo upang makatakas nang mag-isa mula sa gusali, o nangangailangan ng tulong sa emerhensiya sa hinaharap...

Kailangan mong makipag-ugnay at makipag-usap tungkol dito sa pangkat ng pangangasiwa ng gusali sa una pa lang, at hilingin na ito'y itala nila sa **Plano sa Kaligtasan mula sa Sunog (Fire Safety Plan)** sa ilalim ng “Mga Taong Nangangailangan ng Tulong (Persons Requiring Assistance)”.

Para sa higit pang impormasyon sa kaligtasan mula sa sunog, pakitingnan ang aming karagdangang polyeto: **Protektahan ang Sarili Mula sa Sunog (Protect yourself From Fire)**

Magsanay sa Tatlong Linga ng Depensa (Three Lines of Defence).

ANG DAPAT GAWIN SAKALING MAY SUNOG

Kung may sunog sa iyong yunit

- Sabihin sa lahat nang nasa iyong yunit na umalis kaagad.
- Isara ang mga pintuan sa iyong paglabas. Huwag ikandado.

- Hilahin ang alarma sa sunog sa iyong palapag at sumigaw ng **"SUNOG, SUNOG, SUNOG (FIRE, FIRE FIRE)"**.
- Umalis sa gusali gamit ang pinakamalapit at ligtas na labasan o hagdanang palabas.
- Tawagan ang kagawaran sa sunog sa 911 kapag ligtas ka na.
- Tagpuin ang mga bumbero sa labasan sa harap at sabihin sa kanila kung nasaan ang sunog.

Kapag narinig mo ang alarma sa sunog

Kung aalis o mananatili sa gusali... nasa *iyong* ang desisyon.

Kadalasan ang pinakamagandang gawin kapag may sunog ay umalis ng gusali sa lalong madaling panahon. Pero sa ilang pagkakataon, hindi ka maaaring makaalis at maaaring kailanganing manatili ka sa iyong yunit. Sa alinmang pagkakataon, kailangan mong kumilos kaagad.



Anuman ang iyong maging desisyon, dapat mong protektahan ang iyong sarili mula sa usok.

Kapag nakasagupa ka ng mga sitwasyong may usok o sunog, tumawag sa 911.

Kapag nagpasiya kang umalis sa gusali

Tingnan ang pintuan ng iyong yunit.

- Kapag pumapasok ang usok mula sa paligid ng pintuan, huwag buksan ito. Protektahan ang iyong sarili mula sa usok sa loob ng iyong yunit gaya ng ilalarawan mamaya sa polyetong ito sa ilalim ng bahaging *Kapag ikaw ay nanatili sa iyong yunit*.
- Kapag walang usok, hipuin ang pintuan kung mainit at kung hindi, ihanda ang iyong sarili at buksan nang bahagya ang pintuan. Kapag nakakita ka ng usok o makaramdam ng init, agad na isara ang pintuhan at protektahan ang iyong sarili.
- Kapag maluwag ang pasilyo, kunin ang iyong mga susi, kandaduhan ang iyong pintuan at magpunta sa pinakamalapit at ligtas na hagdanan.



Huwag gamitin ang mga elevator.

- Maingat na buksan ang pintuan ng pinakamalapit na hagdanan.

Kapag **walang usok**, gamitin ang hagdanan upang umalis ng gusali.

Kung may **usok**, huwag pumasok. Isara ang pintuan. Magpunta sa ibang hagdanan at maingat na buksan ang pintuan. Kapag walang usok dito, gamitin ang hagdanang ito upang umalis ng gusali. Kapag may usok, huwag pumasok. Kung may iba pang hagdanan, subukan ang mga ito. Kapag wala na, bumalik sa iyong apartment at protektahan ang iyong sarili mula sa usok.

Kapag nasa loob ka na ng hagdanan

Kung makakita ka ng usok habang pababa ng hagdanan, umalis sa hagdanang iyon sa lalong madaling panahon. Sa ilang gusali, ang ilang pintuang mula sa hagdanan ay maaaring nakakandado. Ngunit buti na lang na sa bawat limang palapag, ang mga pintuan ay hindi nakakandado kaya maaari kang umalis sa hagdanan.



- Gumamit ng ibang hagdanan kung walang usok dito.
- Kung hindi ka makagagamit ng ibang hagdanan, bumalik sa iyong yunit kung kaya mo, o magpunta sa isang pasilyong walang usok at kumalampag nang malakas sa pintuan ng isang yunit hanggang makahanap ka ng lugar na mapagkukublihan at tumawag sa 911.

HUWAG NA HUWAG magpupunta sa bubong.

Ang usok ay karaniwang umaangat sa tuktok ng hagdanan. Ang mga pintuang papunta sa bubong ay karaniwang nakakandado at maaari kang makulong.

- Tandaan, nasaan ka man, kung may usok, magpunta sa ilalim nito at gumapang kung kinakailangan. Mas malinis ang hangin na malapit sa sahig.



Kapag nanatili ka sa iyong yunit

Kailangan mong protektahan ang iyong sarili mula sa usok.

Manatili sa iyong yunit hanggang ikaw ay maligtas o hanggang sabihin kang umalis. Maaari itong magtagal.

Huwag subukang umalis sa iyong yunit kapag matagal na ang panahong nakalipas matapos ang pagtunog ng alarma. Kapag mas matagal kang naghintay, mas mataas ang panganib na ang makapal na apoy ay kumalat na sa mga hagdanan at pasilyo. Mas mababa ang posibilidad na ikaw ay makaligtas.

Pigilang makapasok ang usok sa iyong yunit

Gumamit ng duct tape upang pasakan ang mga bitak sa paligid ng pintuan at maglagay ng mga basang tuwalya sa ibaba nito. Pasakan ang mga singawan (vent) o mga lagusan ng hangin sa ganoong paraan din.



Kapag nakapasok ang usok sa iyong yunit

- Tawagan ang kagawaran sa sunog sa 911 at sabihin sa kanila kung nasaan ka, at pagkatapos ay magpunta sa balkonahe kung ligtas dito. Isara ang mga pintuan sa iyong paglabas.
- Kung wala kang balkonahe, magpunta sa kuwartong pinakawalang usok, isara ang pintuan at pasakan ito ng duct tape at mga basang tuwalya. Buksan ang bintana para sa sariwang hangin.
- Ipakita sa mga magliligtas sa iyo kung nasaan ka sa pamamagitan ng pagsasabit ng tela mula sa bintana o balkonahe.
- Manatiling malapit sa sahig kung saan mas malinis ang hangin.
- Kung ang iyong gusali ay may sistema sa pakikipag-usap, makinig para sa mga tagubiling maaaring ibigay.



ALAM MO BA NA...

- Ang paglulutong hindi binabantayan ay ang pinakanangungunang sanhi ng sunog sa tahanan. Manatili sa kusina at pagtuunan ang iyong niluluto.
- Tumataas na rin ang sanhi ng sunog na mula sa mga kandila. Ilayo ang mga kandila sa mga sumisiklab na bagay at huwag na huwag iwanan ito nang hindi binabantayan.
- Usok ang pinakanangungunang sanhi ng kamatayan buhat sa mga sunog sa tahanan. Siguruhing ang iyong (mga) alarma sa usok ay gumagana sa pamamagitan ng pagsubok sa mga ito buwan-buwan.
- Ang alarma sa sunog sa iyong yunit ay hindi nakakonekta sa sistema ng alarma sa sunog ng gusali, pinaalam lang nito sa iyo ang sunog sa iyong yunit.
- Hindi lahat ng alarma sa sunog ay awtomatikong nagbibigay-abiso sa kagawaran sa sunog. Ang mga gusaling mas maliit sa 18 metro (6-7 palapag) ay karaniwang hindi.

Sa panahon ng anumang emerhensiya tawagan ang 911.

- Liban sa karaniwang kaalaman, ang aming mga umaangat (aerial) na hagdanan ay hindi umaabot sa bawat palapag. Hindi ka dapat umasa sa mga ito upang maligtas. Sundin ang mga wastong pamamaraan sa emerhensiya.
- Ang iyong yunit ay nakabukod sa sunog mula sa ibang mga yunit at pasilyo sa pamamagitan ng dibisyon sa sunog (fire separation) Ang ibig sabihin nito ay ang apoy ay hindi dapat karaniwang makapapasok sa iyong yunit puwera sa usok, maging handa upang protektahan ang iyong sarili mula sa usok.
- Ang mga aparato para sa mga pintuang sumasara mag-isa ay dinisenyo upang pigilang kumalat sa labas ng iyong yunit ang usok at apoy. Kung may ganito, huwag itigil ang paggana ng mga ito.

Para sa karagdagang impormasyon, mangyaring makipag-ugnay sa

Mga Serbisyo sa Sunog at Emerhensiya ng Mississauga sa, 905-896-5908 o bisitahin kami sa aming website sa www.mississauga.ca/fire